**PINAG-ISANG PAHAYAG**
**Ika-14 NA PULONG NG MGA ASEAN NA MINISTER NG KALUSUGAN**
**29 AGOSTO 2019, SIEM REAP, ANG KAHARIAN NG CAMBODIA**
**(FILIPINO VERSION - UNOFFICIAL)**

**KAMI,** ang mga Ministro ng Kalusugan ng mga Miyembrong Bansa ng ASEAN (AMS), na kumakatawan sa Brunei Darussalam, Kaharian ng Cambodia, Republika ng Indonesia, Demokratikong Republika ng mga Mamamayan ng Lao, Malaysia, Republika ng Unyon ng Myanmar, Republika ng Filipinas, Republika ng Singapore, Kaharian ng Thailand, at sa Sosyalistang Republika ng Viet Nam, ay nagtipon sa ika-14 na Pulong ng mga Ministtro ng Kalusugan ng ASEAN (AHMM) noong Agosto 29 2019 sa Siem Reap, Kaharian ng Cambodia.

**ISINASAISIP** ang bisyon ng mga Pinuno ng ASEAN na isang Pamayanang ASEAN na binalangkas sa Deklarasyong Kuala Lumpur noong 2015 tungkol sa Pagtatatag ng Pamayanang ASEAN at ang kasabay na pag-eendoso ng "ASEAN 2025: Sama-sama sa Pagsulong" na nilalaman kabilang ng iba pa, ang ASEAN Socio-Cultural Community Blueprint 2025, at ang ika-27 ASEAN Summit noong Nobyembre 2015 sa Kuala Lumpur, Malaysia.

**MULING PINAGTIBAY** ang pangako sa "2030 Adyenda sa Tuloy-tuloy na Pag-unlad" gaya ng napagkasunduan ng mga pinuno sa ika-70 Pangkalahatang Pagtitipon ng mga Nagkakaisang Bansa noong 2015 na kinabibilangan ng masaklaw na layuning pangkalusugan upang "matiyak ang kalusugan ng mga tao at maisulong ang kagalingan panlahat anuman and edad."

**KINIKILALA** ang pangako sa layuning "Sama-sama Tungo sa Isang Malusong na ASEAN" sa ika-13 AHMM na idinaos noong 6 Setyembre 2017 sa Bandar Sari Begawan, Bruei Darussalam na nangangako ng pagpaplano at pagsasakatuparan ng iba't ibang sector at stakeholder (multi-sectoral at multi-stakeholder) sa Deklarasyon ng mga Pinuno ng ASEAN tungkol sa (1) Antimicrobial Resistance: Paglaban sa AMR sa pamamagitan ng One Health Approach; (2) Paglupig sa Lahat ng Uri ng malnutrisyon; at, (3) pamamahala sa Kalusugan sa Panahon ng Sakuna; at, sa pagsasakatuparan at pagmomonitor ng apat na idendosong Programa ng Gawain ng ASEAN Health Cluster at sa dalawampung Priyoridad Pangkalusugan nito sa Pagsusulong ng Malusog na Pamumuhay; Pagtugon sa Lahat ng Panganib at lilitaw na banta; Pagpapalakas sa mga Sistemang Pangkalusugan; Pagpapalakas sa mga

Sistemang Pangkalusugan at Pakikinabang sa Pangangalaga; at, Pagtiyak sa Kaligtasan ng pagkain.

**NAGKAKAISA** sa misyong makamit ang mga layunin ng ASEAN Post-2015 Health Development Agenda, at upang "Pabilisin ang Kalusugang Panlalahat sa ASEAN", kabilang na ang paglupig sa mga gamot na hindi mabisa at peke, pagtiyak na tuloy-tuloy ang pagtutustos sa kalusugan, pagpapalakas sa kakayahang maisakatuparan ang mga Pandaigdigang Regulasyon Pangkalusugan (IHR) sa pamamagitan ng Asia Pacific Strategy for Emerging Disease and Public Health Emergencies (APSED III), at pagsusulong sa mga inobasyon sa pagpapahusay sa kalidad ng mga serbisyo, tinalakay at nagpalitan ng mga pananaw ang ika-14 na AHMM tungkol sa paghahanda at pagtugon sa mga hamon sa kalusugan sa hinaharap at magiging adyenda sa pagpapaunlad pangkalusugan at mga priyoridad, at nagkasundo gaya ng mga sumusunod:

1. Sumasang-ayon kami na ipagpatuloy pa at gamitin ang mga napala mula sa pagsasakatuparan ng ASEAN Post-2015 Health Development Agenda at magpatuloy sa pagkakaroon ng mga bagong programa ng mga gawain at mga inisyatibong proyekyo para sa taong 2021-2025 batay sa naisagawang mga programa ng mga gawain at mga inisyatibong proyekto para sa taong 2021-2025 batay sa naisagawang mga programa ng mga gawain para sa 2016-2020, at ng mga dulog na whole-of-society at whole-of-government.
2. Nangangako kaming isulong ang malusog at aktibong pagtanda sa pamamagitan ng isang kapaligirang nagbibigay kakayahan at nakatutulong na nakapagpapabilis ng malakas at mabisang kooperasyong multi –sektoral sa pamamagitan ng mga pinag-isang inisyatiba ng bansa at ng mga rehiyong. Ineendoso namin ang pagtatag ng ASEAN Centre for Active Ageing and Innovation (ACAI) na makapagbibigay ng kaalaman at inobasyon; itaguyod ang mga patakarang sa aktibong pagtanda at ang pagsasakatuparan sa mga ito; at, palakasin ang kakayahan at hikayatin ang kolaborasyon ng mga AMS, mga internasyunal na entidad at iba pang mga partner, tungkol sa mga bagay na napapanahon sa malusog at aktibong pagtanda.
3. Nangangako kaming muli na mamadaliin ang mga aksiyon upang maiwasan at makontrol ang mga sakit na hindi nakakahawa (NCD) sa pamamagitan ng pagpapataas sa mga kakayahan ng mga pamayanan at ng mga naninirahan dito sa pagsusulong ng higit na malusog na pamumuhay, pagpapakilos ng tuloy-tuloy na pondo para sa NCD at pagpapaigting ng pakikilahok ng iba't ibang sektor at stakeholder sa pagsasakatuparan sa inererekomenda ng WHO na mabuting bilhin o "best buy" at iba pang mga interbensiyon nauugnay sa konteksto ng bansa, na tumutugon sa pangkomersiyo at panlipunang determinant ng NCD; at ang Estratehikong Balangkas ng ASEAN At Planong Aksiyon para sa Nutrisyon 2018-2030 upang maisulong ang mabuting nutrisyon at malusog na pagkain; pagsusulong sa mga gawaing pisikal at mental; maagang pagkakasuri ng mga NCD at mga programang gamutan; at pag-iwas sa mga pinsala.

4. Nangangako pa kaming muli sa epektibong pakikipagtulungan at pagsasakatuparan ng mga kasalukuyang gawain para sa kahandaan, pag-iwas, pagkakasuri at pagtugon sa mga sakit na nakahahawa, lumilitaw at muling lumilitaw na mga sakit kabilang na ang mga pandemic at napabayaang mga sakit pantropiko, at iba pang mga kagipitang pangkalusugang publiko o epekto sa kalusugan ng mga disaster, at panganib sa seguridad pangkalusugan.
5. Itinaguyod namin ang One ASEAN One Response sa pamamahala sa disaster at makataong tulong sa pamamagitan ng pagsasagawa sa Planong Aksyon upang Isakatuparan ang Deklarasyon ng mga Lider ng ASEAN tungkol sa Pamamahala sa Kalusugan sa panahon ng Disaster. Kinikilala naming ang kasalukuyang pakikipagtulungan sa Pagpapatatag ng ASEAN na Kakayahang Panrehiyon sa Pamamahala sa Kalusugan sa panahon ng Disaster; at Programa sa Mitigasyon ng mga Panganib Pambiyolohiya.
6. Muli naming pinatototohanan ang aming pangako sa Deklarasyon ng mga lider ng ASEAN tungkol sa Antimicrobial Resistance (AMR), at umaasa sa pagsasapinal ng Estratehikong Balangkas ng ASEAN sa Pakikipaglaban sa AMR sa pamamagitan ng One Health Approach (2019-2030) upang makapag-ambag sa pagtamo ng napapanahong Pambansa, panrehiyon at global na seguridad pangkalusugan, at napapanahong mga layunin at target ng tuluy-tuloy na pag-unlad, para sa kaligtasan ng tao, hayop at agrikultura, kalusugang pangkapaligiran, at pagkain.
7. Muli naming pinatotohanan ang aming pangakong labanan ang mahihina at pekeng produktong medical.
8. Itinataguyod namin ang pagsasapinal ng Planong Aksiyon ng ASEAN na binuo sa World Health Organization (WHO) sa paglaban sa mahihina at peking medisina sa pamamagitan ng pagpapalakas sa mga mekanismong panregulasyon ng bansa; pakikipag-ugnay at pakikipagtulungan sa ipinagpapatuloy na implementasyon sa pag-iwas, pagkakatuklas at pagtugon upang mawala ang mahihina at pekeng gamot sa loob ng bansa at sa mga rehiyon, kabilang na ang mga iba pa; at, pagkakaroon at pagpapanatili ng isang episyente at masaganang Sistema ng panustos na makatutulong sa pagtiyak na ang mga tao sa rehiyon lalo na sa liblib na lugar ng AMS ay makakakuha ng ligtas, mabisa, abot-kaya at kalidad na mga gamot. Umaasa kami sa higit pang mga pagpapalitan ng mga pananaw at pakikipagtulungan, gayundin ang pagsisikap na matamo at maisakatuparan ang malinaw/tiyak na mga aksiyon kaugnay ng mahihina at pekeng gamot sa higit na malawak na kahulugan ng pakikipagtulungan sa loob at labas ng ASEAN. Nangangako pa kami na suportahan at makipagtulungang mabuti sa mga kaugnay na mga partner at stakeholder tungkol sa bagay na ito gayundin ang ipatupad ang adyenda, at makipagtulungan pa kaugnay ng mahina at pekeng mga gamot sa ika-13 Asia-Europe Summit (ika-13 ASEAM) na idaraos sa 2020 sa Phnom Penh, ang Kingdom of Cambodia.
9. Pinatotohanan naming muli ang aming suporta upang matiyak ang kaligtasan ng pagkain sa pamamagitan ng sama-samang paggawa sa rehiyon, na kinikilala ang kahalagahan ng pagtatasa ng risk sa pagdebelop ng mga

hakbang sa kaligtasan ng pagkain na batay sa ebidensiya, na pinamamahalaan ng ASEAN Risk Assessment Centre (ARAC) para sa Kaligtasan ng Pagkain.

10. Nananatili pa rin ang aming pangakong palakasin ang pangunahing pangangalagang pagkalusugan upang matamo ang Universal Health Coverage kabilang ng AMS, at matiyak na may makukuhang gamot at nasa panahong tustos ng mahahalagang gamot at nasa panahong tustos ng mahahalagang gamut at hindi magastos na mga pagsisikap pangkalusugan sa mga pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan at pagpapataas ng kakayahan ng mga manggagawang pangkalusugan.
11. Ikinalulugod namin ang mga nagawa ng mga ASEAN Senior Official kaugnay ng pagpapaunlad ng kalusugan at ng mga ASEAN Health Cluster sa pagpapalakas ng pakikipagtulungang pagkalusugan at pagpapagana sa ASEAN Post-2015 Health Development Agenda sa ilalim ng Tagapangulo ng Ministri ng Kalusugan ng Kingdom of Cambodia noong 2018 at 2019, at umaasa sa pagiging Tagapangulo ng Republic of Indonesia.
12. Tinatakdaan naming ang mga ASEAN Senior Officials sa Pagpapaunlad Pangkalusugan ng sumusunod:
    a. Isapinal ang Planong Aksiyon ng ASEAN upang matugunan ang problema sa mahinang uri at pekeng gamot, itaguyod at makipagtulungan mabuti sa mga kaugnay na mga partner at stakeholder kabilang na ang mga partner sa ika-13 Asia-Europe Summit 2020 na ang punong-abala ay ang Kaharian ng Cambodia.
    b. Tumulong sa epektibong pagmomonitor at ebalwasyon ng kahusayan ng ASEAN Health Cluster Work Programmes ng ASEAN Post 2015 Health Development Agenda, at progreso ng pagtutulungan ng iba't ibang sector at multi-stakeholder kaugnay ng pagsasakatuparan sa mga Deklarasyon kaugnay ng kalusugan, mga nagawa at kahinaan ng mga ito, na magbigay sa atin ng gabay tungo sa pagsusuri at pagbalangkas ng bagong set ng programa para sa 2021-2025.

Kinikilala at pinahahalagahan naming ang kontribusyon at nangangako pang makipagtulungan mabuti sa mga Dialogue at Development Partner na may sumusunod sa Rules of Procedure on the Engagement of Entities with the ASEAN Health Sector.

Umaasa kami sa higit pang pagpapalitan ng mga pananaw at pakikipagtulungan tungkol sa pagsulong pangkalusugan sa aming susunod na Pulong sa Republic of Indonesia sa 2021.